ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLIX Blg. 1
Enero 7, 2018
www.philippinerevolution.info

## Anibersaryo ng PKP, ipinagdiwang

DAAN-DAANG PULANG mandirigma at mga kasapi ng lihim na organisasyong masa ang matagumpay na nakapaglunsad ng pagdiriwang sa ika-49 na anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas sa iba't ibang bahagi ng bansa noong huling bahagi ng Disyembre 2017. Ito ay sa kabila ng *all-out war* at paghahasik ng teror ng berdugong militar at ni Duterte sa mga komunidad sa kanayunan.

Sa kabundukan ng Sierra Madre, pinangunahan ng Bagong Hukbong Bayan-Southern Tagalog (Melito Glor Command o MGC) ang selebrasyon noong Disyembre 29, 2017. Ayon sa MGC, malaking tagumpay ang aktibidad na nailunsad sa gitna ng matitinding operasyong militar matapos ang kanselasyon ng usapang pangkapayapaan, pagbansag bilang mga "teroristang organisasyon" sa PKP at BHB, at panggigipit sa mga aktibista at progresibo sa rehiyon. Dumalo rin sa pagtitipon ang mga kasapi ng midya.

Nagbigay-pugay ang MGC sa mga martir ng rehiyon, partikular sa 15 napaslang sa Nasugbu, Batangas. Ayon kay Ka Diego Padilla, tagapagsalita ng MGC, labag sa internasyunal na makataong batas at mga batas sa digma ang brutal na pagpaslang sa 15. Nagkaroon din ng katulad na mga pagtitipon sa iba pang bahagi ng rehiyon ng ST.

Sa Negros, nagdiwang ang

... sundan sa pahina 3




EDITORYAL

# Lubos na ihiwalay at ibagsak ang pahirap na rehimeng US-Duterte

Sa taong 2018, tiyak na lalala ang krisis ng sistemang malapyudal at malakolonyal na lalupang magpapatindi sa girian sa pagitan ng mga naghaharing uri, paglaban ng mamamayan sa mga imperyalistang patakarang neoliberal at tumitinding pasismo ng rehimeng US-Duterte, at higit pang pagsulong ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Dulot ng walang kasintinding pamamaslang at panunupil ng kanyang mga berdugong sundalo, pulis, paramilitar at *death squad*, tiyak ding lalupang mahihiwalay si Duterte sa mamamayan sa taong ito.

Sa unang mga araw pa lamang ng 2018, maingay na ang pagbabangayan ng naghaharing uri dulot ng litaw na ambisyon ni Duterte at kanyang mga kasapakat na palawigin ang kani-kanilang mga termino sa tabing ng *charter change* (*chacha* o pagbabago ng konstitusyon) at pagtutulak para sa pederalismo. Ngayon pa lamang, pinatitingkad na ng kanilang mga kalaban sa pulitika ang posibilidad ng "no-el" o walang eleksyon sa 2019, isang senaryo na tiyak na bibitak sa hanay ng mga burukrata. Katulad ng kanyang idolong diktador na si Ferdinand Marcos, babaguhin ni Duterte ang reaksyunaryong konstitusyon para solohin ang kapangyarihan sa pulitika. Kabilang sa maaari niyang ipakana ang pag-ako ng kapangyarihang gumawa ng mga batas na

ginawa noon ni Marcos sa panahon ng "transisyon" tungong sistemang parlamentaryo. Sa ngayon, animo'y dumadaan pa si Duterte sa ligal na mga proseso, pero dumadami ang kanyang mga hakbang na tahasang sumasagasa sa sariling mga institusyon. Kunwa'y idinadaan pa niya sa proseso ng pagpapatalsik at aresto ang kanyang mga kalaban sa pulitika, pero sa aktwal ay epektibo na niyang tinatanggalan ang mga ito ng awtoridad sa estado. Nailulusot niya ang mga pinakamatitinding batas at hakbang sa kongreso at senado, na napananatili niyang sunud-sunuran sa pamamagitan ng suhol at pagbabanta.

Bago nito, sumambulat ang girian sa loob ng militar nang mabunyag ang pag-aagawan ng mga upisyal nito sa makukurakot na kontratang may halagang $16 bilyon. Walang anumang grandyosong palabas ng kunwa'y pagpapatalsik ng korap na mga upisyal sa gubyerno ang makapagtatago sa baho at kabulukan ng kanyang rehimen.

Para kontrahin ang papalawak na paglaban ng mamamayan, tiyak na patitindihin pa ni Duterte ang mga gerang mapanupil laban sa mga sektor at organisasyong tumututol sa kanyang mga pasistang ambisyon. Sa unang mga araw din ng 2018, isinampa na ng kanyang mga abugado ang pagdedeklara sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Bagong Hukbong Bayan (BHB) bilang mga "teroristang organisasyon." Nakatuon ang hakbang na ito hindi lamang sa mga rebolusyonaryong pwersa kundi laluna sa hayag na demokratikong kilusan at ligal na oposisyon na maaari niyang gipitin sa pamamagitan ng basta-bastang pagpaparatang na nagbibigay ng ayuda at pinansya sa BHB. Sa aktwal, umiiral ang kanyang teroristang paghahari sa buong bansa.

Sa gitna ng lahat ng ito, sunud-sunod ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at singil dulot ng mga neoliberal na patakaran ng deregulasyon at pribatisasyon. Lalupa itong tataas bunga ng bagong mga buwis na nagkabisa mula Enero 1 na resulta ng TRAIN na ipinasa noong Disyembre. Hindi maitatago ng anumang pagsisinungaling ng mga ekonomista ng rehimen ang pagtaas ng mga presyo ng mga bilihin at singil sa serbisyo dulot ng pagtaas ng gastos sa transportasyon at operasyon sa pag-aangkat at produksyon ng mga lokal na negosyo. Tiyak na mas mabilis na tataas ang mga presyo ng mga batayang bilihin, kabilang ang pagkain, ngayong taon kumpara sa nakaraang taon. Batid ng mamamayan na ang lahat ng ito ay para mapunan ang pondong mawawala sa estado dulot ng paglilibre sa buwis ng pinakamayayamang pamilya at kanilang mga negosyo, gayundin para tustusan ang di-produktibo na paggasta at pagbabayad ng utang ng estado.

Kasabay nito ang pagbubukas ng mga serbisyong sosyal sa dayuhan at pribadong pamumuhunan na tiyak ring tutulak pataas sa mga singil. Gayundin ang maka-dayuhan at maka-burgesyang programang Build, Build, Build na nakatuon sa paglalatag ng imprastruktura para sa dayuhang kapital.

Taliwas sa pinalalabas ni Duterte, hindi maisasalba ang kanyang rehimen ng anumang paglago sa ekonomya na tulak ng mga patakarang neoliberal. Ang tanging nakikinabang sa mga patakarang ito ay ang mga dayuhang kumpanyang multinasyunal at mga burukrata-kapitalistang kasapakat nila. Palalalain lamang nito ang pagiging atrasado ng ekonomya at laganap na kahirapan ng mamamayan. Walang-wala na sa bokabularyo ni Duterte ang dati niyang ipinangako sa mamamayan, tulad ng pagtatapos ng kontraktwalisasyon, pamamahagi ng lupa, libreng irigasyon at iba pa.

Sa gayon, umiiral ang mga obhetibong batayan para ibagsak ang kriminal, kurakot, papet at lubos na nagpapahirap sa mamamayan na rehimen. Ang hibang na ambisyon ni Duterte na solohin ang kapangyarihan sa pulitika at kopohin ang makukurakot na pera ng bayan, gayundin ang pagbawi niya sa napakaraming pangako sa mamamayan, ang magtutulak sa kanila na labanan at ibagsak ang kanyang rehimen. Likas na mabuway ang kampo ni Duterte


ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 1 | Enero 7, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

**instagram.com/prwc.official**

**@prwc_info**

**fb.com/cppinfo**

**cppinformationbureau@gmail.com**


## Nilalaman


**Editoryal**: Lubos na ihiwalay at ibagsak ang pahirap na rehimeg US-Duterte 1

Pagdiriwang sa anibersaryo ng Partido 1

Pederalismo para sa diktadura 4

Pagtaas ng pamasahe at mga presyo 4

Mga aksyon sa Mindanao sa 2017 5

Aktibong depensa ng BHB-SMR 6

2 POW, pinalaya 7

Pagpanagot sa Dengvaxia 7

Mga protestang manggagawa 7

Lagim ni Palparan sa ComVal 8



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

sa katayuan sa pulitika. Pinalala pa ito ng estilong butangero, sinungaling at kriminal ni Duterte mismo. Tanda nito, urong-sulong ang kanyang pinakaengrandeng mga plano para sa pasistang paghahari, tulad ng "rebolusyonaryong gubyerno", dulot na rin ng kawalan ng suporta para rito ng mamamayan, ilang bahagi ng naghaharing uri at maging sa militar.

Sa harap nito, dapat pamunuan ng mga rebolusyonaryong pwersa ang paglulunsad ng mga kampanya, kapwa armado at di-armado, para dulutan ng matitinding dagok ang rehimen at papahinain ito hanggang bumagsak. Kasabay ng paglaban sa mga pasistang hakbang at tripleng gera ng panunupil nito, dapat tuluy-tuloy na isulong at palakasin pa ang mga kilusang masa para sa mga kabuhayan at kagalingan ng mamamayan. Kailangang puspusang ilantad at labanan ang pagsagasa ng rehimen sa kanilang kapakanan habang itinataguyod nito ang interes ng mga imperyalista at lokal na naghaharing uri.

Ang pagpapabagsak kay Duterte ang pinakaimportanteng tungkulin sa ngayon ng mga rebolusyonaryong pwersa. Krusyal ang pagtupad nito sa mabilis na paglakas at paglawak ng rebolusyonaryong kilusan para ipagtanggol ang mamamayan sa walang habas na mga atake ng rehimen. Dapat samantalahin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang namumuo at kasalukuyang mga bitak sa hanay ng naghaharing uri. Kabigin ang lahat ng mga sektor at grupo para malikha ang pinakamalawak na alyansang kontra-Duterte, kahit ang mga grupo na may matitingkad na kontradiksyon sa rebolusyonaryong kilusan. Habang hindi sinasantabi ang mga kontradiksyong ito, dapat itutok ang pinakamatalas na atake sa pinakakumakatawan sa bulok na malapyudal at malakolonyal na sistema, ang rehimeng US-Duterte. AB




..."Anibersaryo," mula sa pahina 1

mga kasapi ng BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) noong Disyembre 26. Ibinalita ng BHB-Central Negros ang 30% paglaki ng Pulang Hukbo sa kanilang larangan. Malaking bilang ng kanilang bagong mga mandirigma ay mula sa hanay ng intelektwal at petiburgesya. Naitayo naman ang lakas platun na pormasyon na mga yunit gerilya at milisyang bayan bilang yunit pangdepensa sa kanilang mga komunidad. Higit na lumaki ang baseng masa sa panahon ng todo-larga at todo-atake ng rehimeng US-Duterte sa mga rebolusyonaryo at demokratikong pwersa sa ilalim ng Oplan Kapayapaan. Ayon sa kanilang pahayag, mahigit 20 iba't ibang tipo ng taktikal na opensiba ang nailunsad ng mga Pulang mandirigma sa larangan noong 2017. Nakasamsam sila mula sa mga ito ng 30 armas, libu-libong mga bala at iba pang lohistikang militar.

Samantala, daan-daan ang dumalo sa selebrasyon ng BHB-Ifugao sa ilalim ng Nona del Rosario Command sa isang munisipalidad sa rehiyon ng Cordillera. Sa programa, nagkaroon ng maiksing pagtatanghal hinggil sa buhay ng mga Pulang mandirigma at patuloy na suporta ng masa sa kanilang hukbo. Pulang saludo naman ang inialay ng BHB sa mga martir ng rebolusyon na sina Ruben Gumabay, Elorde Miguel at Marcos Aggalao. Kinundena rin ng PKP-Kalinga ang patuloy na pang-aagaw ng lupang ninuno sa ilalim ng rehimeng Duterte. Sa pamamagitan ng pagtatayo ng dam sa Lucog, Tabuk; Tanudan, Lubuagan at Pasil, proyektong *geothermal* sa Tinglayan, Lubuangan at Pasil at pagpapatupad ng National Greening Program higit pang lumawak ang lupang ninuno na kinakamkam ng mga panginoong maylupa at kumprador.

Nanguna naman ang mga kasaping organisasyon ng National Democratic Front sa raling iglap na isinagawa sa Magsaysay Avenue, Davao City noong Disyembre 27, 2017.

Samantala, nanawagan rin ang NDF-Mindanao na paigtingin pa ang pakikibaka laban sa pasistang tunguhin ng rehimeng US-Duterte. Tinuligsa nito ang pinakawalang tripleng gera ng pangwawasak at pagpaslang ng rehimen at ang nagpapatuloy nitong batas militar sa Mindanao. Sa gitna nito, ipinagmalaki ni Ka Joaquin Jacinto, tagapagsalita ng NDF-Mindanao, ang tagumpay ng mga yunit ng BHB sa isla.

Ani Jacinto, handang harapin ng BHB at PKP ang pinatindi pang gera ni Duterte sa taong 2018.

Kasabay nito, nagpaabot ng pagbati ang mga rebolusyonaryong organisasyon mula sa Italy, sa ilalim ng Front Popolare at Freedom Road Socialist Organization mula sa US. AB

# Pederalismo ni Duterte, pakana para ipataw ang pasistang diktadura

Isang pakana para ipataw ang pasistang diktadura ang iskemang pederalismo ni Rodrigo Duterte. Ito ang pahayag ni Kasamang Jose Maria Sison sa isa sa kanyang mga panayam noong Disyembre. Ani Sison, walang balak si Duterte na magtatag ng isang sistemang pederal ng paggugubyerno. Ang totoo, nais niyang itatag ang isang sentralisadong sistema ng presidensyal na diktadura na mangingibabaw sa mga rehiyunal na gubyernong pinatatakbo ng mga dinastiya, kabilang ng mga *warlord* at pinakakorap na mga burukratang katulad niya.

Suportado ang pakanang ito ng kanyang "supermayorya" sa kongreso, na ngayo'y nagtatangkang iratsada ang resolusyong magsasanib sa kongreso at senado bilang isang *constituent assembly* (con-ass) para sa *charter change* (cha-cha) o pagbabago sa konstitusyong 1987. Noong Disyembre, sinimulan na ng kongreso ang deliberasyon sa House Concurrent Resolution No. 9, ang panukala para sa pagtatatag ng "con-ass." Itutuloy ang deliberasyon sa pagbubukas ng kongreso sa Enero 15.

Sa pakanang "con-ass," gagawa ang mga kongresista at senador ng mga amyenda sa konstitusyon sa loob ng apat na buwan. Isasalang ang mga amyendang ito para sa ratipikasyon kasabay ng eleksyong pambarangay sa Mayo. Solong itatakda ni Duterte, katulong ang kanyang mga kasapakat, ang mga pagbabago, kabilang ang mga probisyon sa pagtatatag ng huwad na pederalismo.

Sa unang mga ulat kaugnay nito, isa sa matingkad na mungkahing amyenda ang pagpapalawig ng mga termino ng lahat ng nakaupong upisyal, kabilang si Duterte, nang hanggang 10 taon. Maaaring higit pa dito ang ekstensyon, pag-amin ni Pantaleon Alvarez, *house speaker* ng Kongreso. Walang anumang kredibilidad si Duterte sa kanyang paulit-ulit na pagtanggi sa pagpapalawig ng termino at pagsasabing agad-agad siyang bababa sa pwesto kapag naaprubahan na ang sistemang pederal. Eksperto si Duterte sa ganitong klaseng pagpapakipot, na ginagatungan at pinalalaki ng kanyang mga bayarang propagandista at tagapagsalita para palabasing hindi siya kapit-tuko sa poder.

Kasabay nito, nagpahayag ng pagkaalarma si Sen. Francis Pangilinan na maaaring ilusot ni Duterte ang isang amyendang katulad ng Amendment No. 6 na ipinasa noon ni Ferdinand Marcos para bigyan ang sarili ng kapangyarihan ng lehislatura. Sa gayon, mas mabilis pa niyang maisasabatas at maipatutupad ang mga patakaran at programang itinutulak ng kanyang rehimen, kabilang ang lubusang pagbubukas sa lokal na ekonomya sa imperyalistang pandarambong, kapalit ng bilyun-bilyong gusto niyang utangin mula sa mga ito.

Hangga't wala ang tunay na rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan, patuloy na maghahari ang mga pamilya ng malalaking kumprador, panginoong maylupa at burukrata-kapitalista sa lahat ng antas ng paggugubyerno, ayon pa kay Ka Joma. Likas sa paghahari nila ang korapsyon, na lalupang titindi sa pag-uunahan nilang waldasin ang pera ng bayan para itayo ang kanilang mga gubyerno sa rehiyunal na antas. Para makuha ang suporta ng US at iba pang imperyalistang kapangyarihan para sa huwad na pederalismo, inalok na ng tutang rehimeng Duterte ang pagtatanggal ng mga restriksyon sa dayuhang pamumuhunan sa mga sektor na eksklusibo para sa mga lokal na negosyo. AB

## Pagtaas ng pamasahe at mga presyo, binatikos

BINATIKOS NI Rep. Ariel Casilao ng Anakpawis Partylist ang tahasang pagsisinungaling ng rehimeng Duterte at ng Department of Trade and Industry na hindi tataas ang pamasahe at presyo ng batayang mga bilihin dulot ng TRAIN (Tax Reform for Acceleration and Inclusion), ang reporma sa buwis ng rehimeng US-Duterte. Nitong Enero, pinabulaanan mismo ng mga negosyante tulad ng nagbebenta ng karne at manok na hindi magtataas ang kanilang mga presyo dulot ng mga bagong buwis. Anila, hindi bababa sa P3 ang itataas sa presyo sa bawat kilo ng karne at manok. Tataas pa ito dulot ng pagtaas sa gastos nila sa pag-iimbak, na kumukunsumo ng kuryente.

Ayon sa ilang ekonomista, hindi lamang tataas ang mga presyo ng bilihin at serbisyo, mas mabilis itong tataas kumpara sa nakaraang taon. Mula 2016, dumoble na ang abereyds na taunang tantos ng implasyon sa 2017, mula 1.8% tungong 3.2%. Sa kalakhan, dulot ito ng pagtaas ng presyo ng pagkain at inumin (3.7%), alak at tabako (6.2%), transportasyon (3.3%) at gastusin sa bahay (2.1%). Sa pagkain, pinakamataas ang pagtaas ng presyo ng karne at isda, kasunod ang mga pagkaing may mais at mga prutas. Pinakamataas ang implasyon sa National Capital Region, na tumaas nang abereyds na 4% para sa 2017, malayong mas mabilis sa 1.9% noong nakaraang taon.

Para sa 2018, asahang tataas pa ang presyo ng mga produktong petrolyo dulot ng inaasahang pagtaas ng presyo ng krudong langis mula $53 tungong $56 sa pandaigdigang pamilihan. Tataas din ang mga presyo ng mga produktong agrikultural sa pangkalahatan dulot ng ilang kasalatan sa pandaigdigang suplay. AB

# Mga armadong aksyon ng BHB sa Mindanao, mahigit 700 sa 2017

Nitong nagdaang taon sa Mindanao, abereyds na dalawang armadong aksyon bawat araw ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) bilang tugon sa todo-gera ng rehimeng US-Duterte. Sa mga ito, mahigit 180 ang inisyatiba ng BHB sa North Eastern Mindanao, 131 ang mula sa North Central Mindanao, humigit kumulang 80 mula sa Western Mindanao, 219 mula sa Southern Mindanao at mahigit 100 mula sa Far South Mindanao. Sa panimulang mga ulat, hindi bababa sa 266 armas ang nakumpiska mula sa mga aksyong ito.

Resulta rin ng mga armadong aksyon sa nagdaang taon sa isla, nagtamo ang mga armadong pwersa ng rehimeng Duterte ng halos dalawang batalyong kaswalti (mahigit 500 patay at mahigit 200 sugatan). Mahigit 11 ring mga elemento ng AFP, PNP at mga paramilitar ang nabihag ng mga yunit ng BHB.

Dagdag rito, pinatawan ng parusa ang ilang plantasyon at kumpanya na labis na nagsasamantala at nang-aapi ng mga manggagawa, magsasaka at Lumad at sumisira sa kapaligiran.

Sa pahayag ni Ka Joaquin Jacinto, tagapagsalita ng National Democratic Front-Mindanao, sinabi niya na sa pagharap sa nag-uulol na kampanyang militar ng AFP, pinanghawakan ng mga yunit ng BHB sa isla ang abante at opensibang postura. Bunga nito, napanatili ng BHB ang mataas na kapasyahan nito sa paglilingkod at pagtatanggol sa mamamayan.

Gayundin, walang yunit ng BHB sa isla ang nadurog sa kabila ng pagsagawa ng AFP ng mga *airstrike*, mahahabang operasyong nakapokus at mga *drone strike*. Kakumbina rin ng mga ito ang paninira sa rebolusyonaryong kilusan, mga pekeng raling pangkapayapaan at pekeng pagpapasuko. Sa katunayan, ani Jacinto, lumaki ang bilang ng mga platun at kumpanya ng BHB kumpara sa nagdaang taon.

**Martsa ng NCMR**

Sa pangunguna ni Ka Norcen Manggubat, tagapagsalita ng PKP-NCMR, binigyang-pugay ng Partido ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ng rehiyon sa mga nakamit nilang tagumpay sa 2017 sa larangan ng pagpapalakas ng hukbong bayan, pagpapalawak ng baseng masa, paglulunsad ng mga kampanyang masa at ibayong pag-abante ng armadong pakikibaka. Sa kabila ito ng malawakan at matinding mga atake ng reaksyunaryong estado sa rehiyon.


Sa loob ng isang taon, lumaki nang 17% ang bilang ng mga baryong nasasaklaw ng rebolusyonaryong kilusan. Kaalinsabay nito ang paglaki rin ng bilang ng organisadong masa nang 21%. Dalawampu't dalawang kampanya ang nailunsad, kabilang yaong sa ilalim ng rebolusyong agraryo at mga pakikibakang masa para sa karapatan sa lupa, kabuhayan, maayos na paninirahan at iba pa. Umabot sa inter-munisipalidad na antas ang mga kampanyang ito na nagbenepisyo sa libong mga pamilya.

Nakapaglunsad din sa rehiyon ng 43 bats ng Batayang Kurso ng Partido at dalawang bats ng Abanteng Kurso. Lumaki rin ang kasapian ng Partido nang 13%.

Sa isang pahayag sa bidyo, ibinahagi naman ni Ka Malem Mabini, tagapagsalita ng BHB sa rehiyon, ang paglaki ng kasapian ng hukbong bayan bunga ng mga pakikibakang masa at programa sa pagpapasampa. Ang karagdagang mga tauhang ito ng hukbong bayan ang nakatulong sa pagpapalawak sa ibang erya na sa nakaraan ay hindi pa naabot ng pagkilos. Gayundin, lumaki ang bilang ng kasapian ng milisyang bayan na katuwang sa mga inilulunsad na taktikal na opensiba, pagtaguyod sa gubyernong bayan at rekrutment para sa hukbo.

Ilang bats din ng Batayang Kursong Pulitiko-Militar ang nailunsad sa rehiyon kalahok ang maraming upisyal at mandirigma ng BHB. Bahagi ng mga pagsasanay na ito ang paglahok sa aktwal na kombat sa mga inilulunsad na opensiba laban sa kaaway sa pamamagitan ng reyd, ambus at iba pa.

Dagdag pa ni Ka Malem, makakaasa ang mamamayan sa rehiyon na sa taong 2018, lilikumin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang lahat ng pagsisikap para makamit ang tinatanaw na estratehikong patas ng digmang bayan. "Nananaginip ang rehimeng Duterte, kabilang na ang bayaran niyang AFP at PNP, na mapapawi nila ang rebolusyonaryong kilusan. Mabibigo sila. Hindi papayag ang mamamayan at ang rebolusyonaryong kilusan na mawala ang naipundar na mga tagumpay sa loob ng limang dekada."



# BHB-SMR, naglunsad ng aktibong depensa laban sa AFP

Naglunsad ng aktibong depensa ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Southern Mindanao Region (BHB-SMR) sa pagitan ng Disyembre 27 hanggang 30, 2017 para biguin ang mga atake at paglabag ng mga tropa ng Armed Forces of the Philippines sa idineklarang magkatugon na mga tigil-putukan.

Ayon kay Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng Regional Operations Command ng BHB-SMR, nagtamo ng 26 kaswalti ang mga tropa ng kaaway sa limang armadong aksyon na inilunsad ng mga Pulang mandirigma sa Davao Oriental sa panahong ito. Ang lahat ng mga opensibang ito ay ipinatupad nang may mahigpit na pagtalima sa idineklara ng BHB at Partido Komunista ng Pilipinas na unilateral na tigil-putukan mula Disyembre 23 nang alas-6 ng gabi hanggang Disyembre 26 nang alas-6 ng gabi at mula Disyembre 30 nang alas-6 ng gabi hanggang Enero 2 nang alas-6 ng gabi.

Inilinaw ni Sanchez na walang katotohanan ang pahayag ng 10th ID na naglunsad ng operasyong haras ang BHB laban sa isang *outpost* ng CAFGU at "nanghabol" ng isang elemento nito noong Disyembre 25. Ang totoo, tuluy-tuloy na naglunsad ng mga operasyong militar ang mga sundalo sa Barangay Tubaon, Tarragona, Davao Oriental mula pa Disyembre 23, simula ng deklaradong tigil-putukan ng AFP.

Noong Disyembre 28, sa pagitan ng dalawang tigil-putukan, inambus ng mga Pulang mandirigma ang mga tropang nag-ooperasyon sa mga sityo ng Gibaan at Bato-bato kung saan napatay ang 16 na sundalo at nasugatan ang dalawa pa. Noong Disyembre 30, alas-6 ng umaga, ilang oras bago magsimula ang pangalawang tigil-putukan, muling hinaras ng mga yunit ng BHB ang pinagsanib na mga pwersa ng 28th IB at Scout Rangers sa Sityo Madian, na nagresulta sa walo pang kaswalti. Isang Pulang mandirigma ang namartir sa labanang ito.

Kabaliktaran nito, walang pakundangan ang paglabag ng AFP sa sarili nitong tigil-putukan. Sa panahong ito, agresibong nagpusisyon ang AFP ng mga tropang pangkombat at naghasik ng teror sa mga sibilyang komunidad sa walong munisipalidad sa rehiyon.

Kabilang dito ang militarisasyon sa apat na komunidad sa Barangay Kapalong, Davao del Norte ng mga tropa ng 60th IB, 72nd IB at kanilang mga paramilitar na Alamara mula Disyembre 19, 2017. Nagpatupad ng *food blockade* ang mga sundalo, at dahil dito ay napilitang lumikas ang mga Lumad sa kanilang mga komunidad.

Wala ring puknat ang mga operasyong militar sa North Cotabato. Sa Arakan, ipinailalim ng bagong-deploy na 15th IB sa matinding militarisasyon ang buong bayan kung saan araw-araw na naglulunsad ng mga operasyong militar ang mga tropa nito kahit sa panahon ng tigil-putukan.

Sa bayan ng Magpet, naglunsad ang mga tropa ng 39th IB ng mga operasyon mula Disyembre 23 hanggang Enero 2 sa Barangay Mahongcog at nagplano pang magtayo ng detatsment sa gitna ng sibilyang komunidad. Sa Barangay Tiko, hinalihaw ng mga sundalo, kasama ang paramilitar na Bagani, ang mga komunidad ng Lumad mula Disyembre 21 hanggang 26. Noong Disyembre 21, alas-3 ng madaling araw, binomba ng mga AFP ang naturang mga komunidad gamit ang mga eroplanong pandigma. Naglunsad din sila ng di-bababa sa 10 serye ng panganganyon na tumagal hanggang tanghali ng araw na iyon. Matapos nito, sinira pa ng mga sundalo ang mga sakahan at hinalughog ang mga bahay ng mga sibilyan.

Sa Compostela Valley, nag-operasyon ang mga tropa ng 46th IB at 71st IB sa mga komunidad ng Tapan at Mascared, sa Malamodao, Panibasan at Panganan sa Maco; at sa Lawaan, Pangasan at Palo sa Pantukan mula Disyembre 23 hanggang 26.

Ang mga operasyong ito ay bigong pagtatangka ng AFP at rehimen na pigilan ang pagdiriwang ng mamamayan at BHB sa ika-49 anibersaryo ng PKP, ayon kay Sanchez. Pinatunayan nito, tulad sa nakaraan, na walang balak ang AFP na sundin ang sariling mga deklarasyon ng tigil-putukan.

Patuloy na ipagtatanggol ng BHB sa rehiyon ang mamamayan at Pulang kapangyarihan ng rebolusyonaryong kilusan, ayon pa kay Sanchez. Ang mga opensibang inilulunsad dito ay tugon sa lumalakas na panawagan ng mamamayan na ibagsak na ang rehimeng US-Duterte.

Noong Disyembre 22, 2017, kasabay ng pagdedeklara ng tigil-putukan, inatasan ng Pambansang Kumand sa Operasyon ng BHB ang lahat ng mga yunit nito na manatiling mapagmatyag at handa sa anumang aksyon o galaw ng mga yunit ng AFP, katulad ng nangyari sa panahon ng anim-na-buwang tigil-putukan noong 2016. Ginamit ng reaksyunaryong militar ang tigil-putukan para mag-okupa't magpwesto ng mga tropa sa mahigit 500 barangay sa buong bansa. Tuluy-tuloy ang paglabag ng mga tropa nito sa mga karapatang-tao ng mga sibilyan at kanilang komunidad. Mula Hulyo 2017, mahigit 129 aktibista na ang pinaslang ng mga tropa nito, kalakhan ay mga magsasaka sa mga lugar kung saan may tunggalian sa pag-aari ng lupa. Marami rin ang kaso ng iligal na pang-aaresto ng mga akibista at progresibo, gayundin ang sapilitang pagpapalikas dulot ng matinding militarisasyon, pambobomba at panganganyon. AB

## 2 POW, pinalaya

BILANG PAGPAPAKITA ng sinseridad sa pakikipag-usapang pangkapayapaan, pinalaya ng Front 16 ng Bagong Hukbong Bayan-North Eastern Mindanao Region (BHB-NEMR) noong Disyembre 20 ang mga *prisoner of war* (POW o bihag ng digma) na sina PO2 Jhon Paul M. Doverte at PO2 Alfredo L. Degamon. Dinakip ang dalawa matapos ang matagumpay na reyd ng mga Pulang mandirigma sa isang *outpost* ng pulis sa Bad-as, Placer, Surigao del Norte noong Nobyembre 13, 2017.

Sa imbestigasyon ng BHB, napag-alaman na bahagi ang dalawang pulis sa pangingikil sa mga maliliit na nagmimina at protektor ng bentahan ng iligal na droga sa Placer. Tiniyak naman ng BHB-Front 16 Custodial Force ang pangangalaga sa mga ito sa loob ng 36 na araw. Siniguro rin ng yunit ng BHB na nasusunod ang mga probisyon sa ilalim ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at mga internasyunal na batas ng digma, kabilang ang pangangalaga sa kanilang seguridad, kalusugan at pagkain.

Nauna nang naitakda ang pagpapalaya noong Disyembre 5, 2017 bilang tugon sa panawagan ng mga pamilya ng dalawang POW at pagsisikap na itaguyod ang pakikipag-usapang pangkapayapaan. Subalit dahil sa patuloy na pag-atake ng 402nd IBde ng AFP at PNP Caraga sa mga komunidad ng Surigao del Norte kung saan nakatakdang palayain ang mga POW, naantala ang pagpapalaya sa kanila. Sa pamamagitan ng pagsisikap ng mga upisyal ng lokal na gubyerno, *third party facilitators* at taong simbahan, naisagawa ang pagpapalaya sa mga POW. Sa kabila rin ng pananakot ng AFP-PNP na hindinito ititigil ang mga operasyong pagtugis, mahigit 500 katao ang dumating sa pagtitipon. AB

## Mga rehimeng Duterte at Aquino, pinapanagot sa krisis ng Dengvaxia

NOONG DISYEMBRE 22, nagsampa ng petisyon sa Korte Suprema at upisina ng Ombudsman ang Gabriela, Gabriela Women's Party at Association for the Rights of Children in Southeast Asia para kasuhan ang mga rehimeng Aquino at Duterte sa krisis pangkalusugan na nalikha kaugnay ng P3.5 bilyong bakunang Dengvaxia.

Mahigit 70 magulang at kanilang mga anak ang nanawagang panagutin ang dalawang magkasunod na administrasyon sa kanilang kapabayaan at kawalan ng sapat na pag-aaral hinggil sa epekto ng bakuna.

Humingi rin ang grupo ng agarang tulong sa mahigit 850,000 biktima ng bakuna kontra dengue, at libreng serbisyo medikal sa sinumang makararanas ng malubhang dengue o anumang natukoy na *side effect* ng bakunang Dengvaxia.

"Ang panganib na nilikha ng Dengvaxia, na basta na lamang itinurok sa mahigit 850,000 estudyante ay sapat na dahilan na upang agad na umaksyon ang mga husgado," ani Rep. Emmi de Jesus, kinatawan ng Gabriela Women's Party.

Nakatakda nang rebyuhin ng mga doktor ng Philippine General Hospital ang pagkamatay ng may 14 na batang nabakunahan ng Dengvaxia. Bago rito, naglunsad ng kilos protesta sa harap ng upisina ng Department of Health ang Gabriela. Tinawag nitong 'potensyal na krisis sa kalusugan' at hindi dapat minamaliit at isinasantabi ng DOH ang mga anomalya sa pagbabakuna.

Sa harap ng kontrobersya, naglabas ang Sanofi Pasteur, kumpanyang gumagawa ng Dengvaxia, ng pahayag na dapat binakunahan ang mga indibidwal na nagkaroon na ng dengue. Sakaling mabigyan nito ang hindi pa nagkakaroon ng dengue, bulnerable ito sa mas matinding epekto ng sakit. AB

### Mga protestang manggagawa

TAGUMPAY NA NAIPAGLABAN ng mga manggagawa ng Coca-cola Femsa Philippines sa Pulong Sta. Cruz, Laguna ang pagreregularisa ng 300 manggagawang kontraktwal na arbitraryong tinanggal ng maneydsment noong nakaraang taon. Para tutulan ito, naglunsad sila ng piket-protesta noong Disyembre 18, 2017 para igiit na ipatupad ang desisyon ng DOLE na gawing regular ang naturang mga manggagawa. Nitong Enero 5, pinirmahan na ang *collective bargaining agreement* sa pagitan ng United Coca-cola Workers Union-Ilaw at Buklod ng Manggagawa-KMU (UCCWU-IBM-KMU) at Coca-Cola Femsa. Kabilang sa mga naipagwagi nila ang regularisasyon ng mga kontraktwal.

Nagpiket naman ang mahigit 30 bodegero ng Leyte Home Depot noong Enero 4 sa pangunguna ng Katrabaho-KMU, organisasyon ng mga manggagawa sa bodega sa Tacloban. Hiling nila ang umentong P.50 sa kada sako ng sementong pinapasan. Sa kasalukuyan, binabayaran ang mga manggagawa ng P1.50/sako ng sementong kanilang pinapasan. Dalawang araw na naparalisa ang operasyon ng bodega dahil sa pagmamatigas ng maneydsment. Nagpiket din ang mga bodegero sa harap ng rehiyunal na upisina ng DOLE kasama ang mga kargador sa pantalan.


Ayon pa sa grupo, wala silang mga benepisyo kapag naaaksidente. Pinagdamutan din sila ng kanilang pang-*noche buena* at kinunan lamang ng maneydsment ng litrato habang sila ay nakapila sa harap ng mga *groceries*.

Samantala, naglunsad naman ng liturhiya para sa 38 biktima ng sunog sa SSI/NCCC mall ang KMU Southern Mindanao at ang BPO Industry Employees Network (BIEN) noong Enero 3. Nanawagan ang grupo na pabilisin at imbestigahan ang nangyaring insidente. AB

# Lagim na ala-Palparan, umiiral sa ComVal

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, umiiral ang teroristang lagim na katulad sa inihasik noon ng berdugo ng dating rehimeng US-Arroyo na si Jovito Palparan. Katulad ng magkapatid na Raymond at Reynaldo Manalo ng Central Luzon, na lubos na pinahirapan at tinangkang patayin ng mga sundalong pinamumunuan ni Palparan noong Pebrero 2006, dalawang aktibista ang iligal na inaresto, ipinailalim sa kahindik-hindik na tortyur at basta na lamang iniwan matapos ipinagpalagay nang patay.

Nagsimula ang kwento nang iligal na inaresto ng mga elemento ng 71st IB sa Tagum City sina Janry Mensis, 22, at Jerry (di tunay na pangalan), 16, mga manggagawa sa maliitang pagmimina at magsasaka, noong Nobyembre 28. Myembro ang dalawa ng Kahugpungan sa mga Mag-uuma sa Maco (KAMAO). Ayon sa salaysay ni Mensis, nasa bahay sila sa tiyahin ni Jerry sa Barangay Visayan Village sa Tagum City nang magkayayaan silang bumili ng balut sa bayan. Kumakain sila noon sa bayan nang lapitan sila at inakusahang magnanakaw ng apat na hinihinalang sundalong nakasibilyan. Nakilala ang dalawa sa mga sundalo bilang Medina at Cantoba.



Dinala nina Medina at Cantoba ang mga biktima sa istasyon ng pulis at doon kinuhanan ng litrato at ininteroga ang dalawa, pero pagkatapos ng imbestigasyon muling ibinalik ang dalawa sa kustodiya ng mga sundalo.

Mula sa istasyon ay idiniretso sa kampo ng 71st IB sa Mawab, Compostela Valley ang mga biktima kung saan ilang beses silang binugbog ng mga kinilalang sundalo na sina Ferol at Cuevas. Siyam na araw silang iginapos sa isang ambulansya na nakahimpil sa loob ng kampo. Anim na araw lamang silang pinakain.

Noong Disyembre 6, alas-12 ng hatinggabi, sapilitan silang pinagsuot ng uniporme ng sundalo, iginapos at isinakay sa trak ng militar kung saan may nakasakay na 20 sundalo.

Dinala sila sa liblib na bahagi ng Barangay Masara, Compostela Valley kung saan sila iginapos sa kamay at paa, at binalot ng *packaging tape* ang kanilang mga bibig. Narinig ng mga biktima na sila ay pinagpaplanuhan nang patayin. Naghukay ang mga sundalo ng libingan para sa kanila. Dinala sila sa malapit na hukay at sinakal gamit ang tali. Dahil sa takot ng dalawa, umakto silang walang malay kung kaya hinila na lamang sila ng mga sundalo papunta sa hukay. Doon ay tinapunan sila ng mga kahoy, binuhusan ng krudo at sinilaban. Mabilis na umalis ang mga sundalo. Nang wala na ang mga militar ay nagawang tumakbo at makawala sa apoy ang mga biktima bagaman si Janry ay nagtamo ng *third-degree* na sunog sa katawan.

Nakapag-ulat sila sa Karapatan noong Disyembre 12 at ngayon ay nasa pangangalaga ng kanilang organisasyon.

**Pang-aaresto, pamamaslang nagpapatuloy**

Isang lider-masa at isang aktibista ang pinaslang at isa ang inaresto sa huling bahagi ng Disyembre, sa panahong nagdiriwang ng tradisyon ng Pasko ang mamamayan.

Noong Disyembre 21, sinaksak-patay si Flora Jemola, 63, residente ng Hacienda Susana, Sagay City, Negros Occidental ng mga pinaghihinalaang ahente-militar. Si Nanay Flora ay tagapangulo ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) sa Sagay City, aktibo sa pakikibaka ng mga manggagawa sa asukarera sa Hilagang Negros. Natagpuan ang kanyang walang buhay na katawan sa kanyang sakahan ilang metro ang layo sa kanyang bahay. Nagtamo siya ng walong saksak sa katawan.

Binaril-patay naman ng mga hinihinalang ahenteng militar sa ilalim ng 28th IB noong Disyembre 21, 2017 alas-11:00 ng umaga si Edwin Magallanes, 38, residente ng Purok Juan, Panikian Banay-Banay, Davao Oriental. Si Magallanes ay myembro ng Abanterong Nakigbisog (ABANTENA), isa din siya sa tumututol sa malakihang pagmimina at lumalaban sa militarisasyon sa mga komunidad ng mga magsasaka at Lumad.

Noon ding Disyembre 21, inaresto ng mga elemento ng Philippine National Police ng Abra de Ilog, Mindoro Occidental sina Junjun Carandang, 18, at Dolores Solangon, 40, mga residente ng Barangay Balao, Abra de Ilog alas-7:00 ng gabi. Ang pag-aresto sa kanila ay batay sa gawa-gawang kaso na isinampa noon pang 2008. Sina Carandang at Solangon ay nakadetine sa istasyon ng munisipyo ng Abra De Ilog.

Noong Disyembre 15, dalawang di-nakilalang lalaki ang pwersahang pumasok at naghasik ng takot sa isang bahay ng kababaihang Moro sa UCCP Compound, Barangay San Isidro, General Santos City, nang ala 1:00 ng umaga. Nakasuot ng itim at balot ang mga mukha ng naturang mga lalaki. Sinubukan nilang pasukin ang kwarto ni Ali Macalintal, 31, liyason sa midya ng Bayan Soccsksargen. Wala noon sa naturang bahay si Macalintal.